

EDUKASYON SA PAGPAPAHALAG II

Yunit II

Modyul Blg. 7

Nauunawaan Ko Na

I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Sa mga nagdaang modyul, natutuhan mo ang kahulugan, lawak at kahalagahan ng kapwa. Nadama mo na napakahalaga ng ating kapwa ngunit bakig kung minsan nagkakaroon ng puwang ang di pagkakaunawaan lalo sa kawalang ng mahusay na komunikasyon.

Nararapat lamang na magkaunawaan ang bawat isa sa paghahatid at pagtanggap ng mensahe.

Makatutulong nang malaki ang bawat gawain sa modyul na ito upang maunawaan mo ang nais ipahiwatig ng iyong kapwa.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

- A. Nasusuri ang iba't ibang uri ng komunikasyon
- B. Nagagamit ang mga uri ng komunikasyon nang matalino at mabisa tungo sa pagkakaunawaan
- C. Napatutunayan na ang komunikasyon ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng pakikipagkapwa

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga

tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.

6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

II. Handa Ka Na Ba?

Punan ng tamang sago tang bawat patlang. Piliin sa loob ng kahon na nasa ibaba ng mga pahayag:

1. Mahalaga ang K _ _ _ N _ _ A _ _ _ _ sa isang grupo o pangkat upang sila'y magkaunawaan.
2. Ang mabisang komunikasyon ay nagbubunga ng _ _ G _ _ _ A _ _ A _ _ A _ _
3. Ang anumang uri ng pakikipagtalastasan o komunikasyon ay binubuo ng dalawang proseso ng P _ GH _ _ _ TI _ at P _ _ T _ _ G _ _ P
4. Bago maging mahusay na kausap, dapat ay maging magaling din siyang ding siyang T _ G _ P _ K _ _ _ G.
5. Ang pakikinig ay mas mahalaga kaysa sa P _ _ S _ _ _ _ I _ _ _
6. Napakahalagang maipahayag ang mga _ _ _ S _ P _ at S _ _ O _ _ I _ sa anyong pasalita at di-pasalita man.
7. Hindi nagiging maliwanag ang proseso ng komunikasyon dahil sa I _ _ _ Y at ito ay maaaring nasa loob at labas ng komunikasyon.
8. Ang kadalasang nagpapahayag ngkanyang nararamdaman sa tagapakinig ay ang T _ _ _ P _ _ S _ _ _ TA
9. Hindi maiiwasan ang P _ G _ _ A _ kapag tayo ay nakikipag-usap o nagsasalita.


III. Tuklasin Mo

Gawain Blg. 1


Angkupan ng dayalogo ang mga sumusunod na sitwasyon. Ilagay at ihanap sa comics strip. Ano kaya ang kahihinatnan ng kanilang pag-uusap.

1. Dumating si Nora sa paaralan na nakasimangot. Inakala ni Vangie na siya ang sinisimangutan.


1.




2.



3.




4.




2. Inabangan ni John si Norman sa kabilang kanto, dahil nalaman ng una ang panliligaw ni Norman sa kapatid.....


1.




2.







3.







4.







3. Hindi sinasadyang mabasag ni Tintin ang mamamahaling flower vase ni Emma.

1. 	2. 
3. 	4. 

4. Ipinatawag ng guro ang nanay ni Rene kasi di nagpapasok ang anak sa paaralan. Kasama si Rene sa pag-uusap ng dalawa.

1. 	2. 
3. 	4. 

5. kulang ang sukli ng tindera kay Ryan. Ang problema nga lang dalawang oras na ang nakalipas bago nadiskubre ni Ryan na kulang pala ang sukli sa kanya.

1. 	2. 
3. 	4. 

Sagutin Mo

1. Tungkol saan ang mga sitwasyon?
2. Paano nilutas ng mga tauhan ang problema? Ilahad.
3. Bakit mahalaga ang pag-uusap sa mga ganitong sitwasyon?
4. Anu-ano ang mga nararapat mong isaalang-alang sa paghahatid ng mabuti at mabisang komunikasyon tungo sa pagkakaunawaan?

Gawain Blg. 2

Ang komunikasyon ay hindi lamang pasalita. Ito'y naipahahatid sa pamamagitan ng kilos. Bigyang kahulugan ang sumusunod na kilos, ekspresyon ng mukha.

1. pagkibit ng balikat
2. pagkunot ng noo
3. pag-irap
4. tingin ng tingin sa relo
5. pagdadabog ng mga paa
6. pagtapik sa balikat
7. pagsitsit
8. pagsipol
9. pagtango ng ulo
10. pagkaway

Sagutin Mo

1. Isa lang ba o higit pa sa isa ang kahulugan ng bawat kilos?
2. Sa lahat ng pagkakataon, nauunawaan ba ninyo ang mga ipinahihiwatig ng mga kilos at ekspresyon ng mukha? Bakit?
3. Sa mga paghahatid ng mga di-pasalitang mensahe, anu-ano ang mga nararapat mong isaalang-alang?
4. Kailan nagiging mabisa ang komunikasyon?

Gawain Blg. 3

Paano mo sasabihin nang maayos at tama ang mga sumusunod:

1. May tampo ka sa nanay mo dahil ang ate mo lang lagi ang ibinibili ng damit.
2. Ayaw mo nang makasama si Edna na iyong kaibigan dahil pinagbabawalan ka ng magulang dahil masama daw impluwensiya sa iyo.
3. Hindi mo na kaya ang trabahong ipinagagawa ng guro dahil masyadong marami.
4. Wala ka nang perang itutustossa pag-aaral mo.
5. Hirap na hirap ka na sa pagiging solong tagapaghanap-buhay ng pamilya.
6. Gusto mong abutin ang patis sa kabilang mesa pero may katabi ka sa magkabilang panig.
7. Nais mong isaya ang kaklase mo sa isang party.
8. Ipagpapaalam mo ang crush mo sa nanay niya dahil birthday mo at mayroon kayong swimming.
9. May tumawag sa telepono at hinahanap ang principal ninyo pero umalis.
10. Nahuling umakyat sa bakod ng paaralan ang kapatid mo at ipinatawag sa Guidance Office ang nanay mo pero ikaw ang pinadala.

Sagutin Mo

1. Alin sa mga sitwasyon ang iyong naranasan na at nagkaroon ng positibong resulta? Bakit?
2. Alin sa mga sitwasyon ang iyong naranasan na at nagkaroon ng negatibong resulta? Bakit?
3. Ano ang kahalagahan ng mabuting komunikasyon sa mga nabanggit na sitwasyon?

IV. Ano Ang Natuklasan Mo?

Nabatid mo na ang kani-kaniyang gamit at tungkulin ng mga mensaheng pasalita at di-pasalita. Nauunawaan mo na rin ang kabutihan at di-kabutihag nagagawa nito para sa mabilis na daloy ng pagkakaunawaan. Ngayon sa mga espasyo sa ibaba isulat ang tatlong pangunahing konseptong natanim sa iyong isip sa mga isinagawang pagsasanay.

The form consists of three graphic organizers for student reflection:

- Pentagon:** Contains the text "Ang komunikasyon ay _____" followed by five horizontal lines for writing.
- Circle:** Contains the text "Hindi lamang ang _____ ang dapat pahalagahan, dapat din sa mga _____ mensahe ang nag-uusap" with blank lines for completion.
- Rectangle:** Contains the text "Mahalaga ang epektibong komunikasyon sapagkat _____" followed by seven horizontal lines for writing.

V. Pagpapatibay

Ang komunikasyon ay isang proseso ng pakikipag-usap at pakikinig sa isang tao; pagbabahagi sa mga naiisip at nararamdaman; paghahatid ng malinaw na mensahe sa kausap; pakikinig sa sinasabi ng nagsasalita at pabibigay reaksyon sa mensaheng napakinggan.

May dalawang uri ng komunikasyon:

1. Pasalita (Verbal) – Ito ang uri ng komunikasyon na ginagamitan ng salita na ipinapahayag nating sa ating kausap. Ang paggamit ng salita ay simbolo ng komunikasyon tungo sa pagkakaroon ng pagkakaunawaan ng mga taong nag-uusap.
2. Di-pasalita o pakilos (Non-verbal) – Ito ang uri ng komunikasyon na nagpapakita ng kilos o galaw ng isang tao. Binubuo ito ng pagkilos ng kamay at katawan, pagtungo ng ulo, ekspresyon ng mukha, maging ang paggamit ng distansiya sa pakikipag-usap ay maaaring bahagi ng komunikasyong pakilos.

Mga hadlang sa mabisang komunikasyon:

1. Pisikal na sagabal – kadalasan ay nanggagaling sa labas o kapaligirang pisikal ng 3 taong nag-uusap. Halimbawa, ang ingay na nanggagaling

- sa sasakyan o radio na malakas ang bolyum at nakakaistorbo sa inyong nag-uusap.
2. Pisyolohikal – nanggagaling naman sa loob ng katawan ng dalawang taong nag-uusap. Halimbawa nito kung nagugutom o kaya ay may sakit na nararamdaman na nagiging dahilan upang hindi maging pokus sa pagsasalita o kaya naman ay sa pakikinig sa kanyang kausap. Hindi madaling makuha ang mensahe ng komunikasyon kung mayroong ganitong kondisyon ang pangangatawan.
 3. Sikolohikal – nanggagaling naman sa pagkabalisa ng kaisipan. Karamihan dito ay kung may ibang iniisip habang nakikipag-usap o di naman kaya ay mayroong problemang kinakaharap na naging dahilan upang hindi imaging pokus sa sinasabi ng kanyang kausap. Ang resulta nito ay hindi pagkakaintindihan dahilan sa pag-iintindi sa iba pang bagay na kadalasang nasa kanyang imahinasyon.

VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Regalo ng Isang Ngiti

Ngumiti siya sa isang malungkot na istranghero
Bumuti ang kanyang pakiramdam
Sumagi sa alaala ang kabutihan ng isang kaibigan
Naalalang sulatan ng liham pasasalamat.
Natuwa sa liham at sa galak ng puso'y
Binigyan ng pabuya ang tagapagsilbi pagkatapos mananghalian
Sa laki ng pabuya, itinaya sa lotto
Ng sumunod na araw kinubra ang panalo
Ibinigay ang malaking bahagi sa pulbing nasa daan
Kaligayahan at pasasalamat
Sa di pagkain ng maraming araw
Gutom ay naibsan
Sa tuwa't pasasalamat, pinulot ang tutang
Nanginginig sa ginaw sa gitna ng daan
Hindi niya alam, may mangyayaring masama
Nang gabing yaon, munting barung-barong
Ay natupok subalit sa kahol ng tutang
Pinulot, naligtas at nagising sa pagkakatulog
Mga kapitbahay, nagulantang at kumilos.
Isa sa kanyang nailigtas, isang batang sa paglaki
Presidente ng Estados Unidos
Ang lahat ng ito'y dahil sa isang simpleng ngiti.

Ang ngiti'y pumapawi ng suliranin. Nakagagaan ng luganing damdamin. Ngiti'y ipukol sa kapwa natin upang kapaligira'y umaliwalas, huwag magdilim.

Katulad ng ngiti, ang salita'y mahalaga kayat pagnilayan mo pa ang mga sumusunod:

“Ang salitang walang taros ay sumusugat ng damdamin
Ngunit sa maganda, sakit ng loob ay gumagaling”
Kawikaan 12:18

“Ang maingat magsalita ay nag-iingat ng kanyang buhay
Ngunit ang may matabil na dila'y nasasadlak sa kapahamakan”
Kawikaan 13:3

“Ang malumanay na sagot ay nakapapawi ng poot
Ngunit nakagagalit ang salitang walang taros”
Kawikaan 15:1

Ang tao raw na kayang kontrolin ang sarili ay tunay ngang matalino. Ngayong batid mo na ang dapat gawin upang lalong mabisa ang paghahatid ng komunikasyon, dapat mong isaalang-alang ang mga natutuhan mo upang maipahatid mo nang malinaw ang iyong mensahe.

Ngayon ay bumuo ka ng liham gamit ang mga pamantayan sa mabisang komunikasyon.

The image shows three scroll-like boxes arranged horizontally. Each box has a rounded top and bottom and a small circular tab on the left side. The first box is labeled "Liham sa Miyembro ng Pamilya", the second "Liham sa Guro", and the third "Liham sa Kaibigan".

Pagsusuri:

1. Nasabi mo ba lahat ang iyong tunay na saloobin?
2. Sa palagay mo ba matutuwa sila sa kanilang mababasa?

VII. Gaano Ka Natuto?

- A. Suriin ang sumusunod na elemento ng komunikasyon. Gaano kabisang maghatid at tumanggap nito? Lagyan ng (✓) sa naaangkop na kolum para sa iyo.

	Palagi	Paminsan- minsan	Hindi Kailanman
1. Paggamit ng senyas habang nagsasalita			
2. Pagtingin sa mata ng kinakausap			
3. Pagtaas at pagbaba ng tono kung kinakailangan			
4. Pagtatanong kung ang mensaheng natanggap ay mali			
5. Aktibong pakikinig habang nagsasalita ang kausap			
6. Paggamit ng simpleng lengguwahe habang nagsasalita			
7. Hindi pagbibigay ng sariling motibo at kahulugan sa sinasabi ng kausap			
8. Pagbibigay ng mga di-kinakailangang kilos o gawi habang nagsasalita			
9. Nakapagsusuri sa mensahe ng kausap			
10. Pagbibigay ng feedback sa sinabi ng kausap			

Pagmamarka

Iskor

Antas ng Komunikasyon

8 – 10

Napakaepektibo mong maghatid at tumanggap ng mensahe

5 – 7

Paminsan-minsan ay epektibo sa paghahatid at pagtanggap ng mensahe, may ilang puntos na dapat matutunan

0 – 4

Mahina sa pagtanggap at paghatid ng mensahe. Marami pang dapat na matutunan

- B. Basahing mabuti ang sitwasyon. Piliin ang titik na may tamang sagot.
1. Pagtanggap sa mga kuru-kuro at opinyon ng kausap
 - a. bukas ang isip
 - b. magalang
 - c. matiyaga
 - d. matalino

 2. Pagpipigil ng galit upang huwag makasakit ng damdamin
 - a. Pagkontrol ng sarili
 - b. Pakikiisa
 - c. Pagkamahiyain
 - d. Pakikisama

 3. Higit na mahalaga ang di-pasalitang mensahe sapagkat
 - a. ito ay tunay na saloobin ng nagsasalita o nakikinig
 - b. pwede itong itago
 - c. nasasalamin ang katapatan ng sinasabi o pakikinig
 - d. hindi ka makasasakit ng damdamin ng kapwa

VIII. Mga Sanggunian

Communication and Grammar , Systems Technology Institute, pp. 20-21

King, David. You Can Succeed. Worldlinks Books. pp.74-76

Simple Joy. 2001. A Blue Mt. Arts Collection. Colorado: Blue Mt. Press.
p. 22

Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

1. komunikasyon
2. pagkakaunawaan
3. paghahatid
4. pagtanggap
5. pagsasalita
6. saloobin
7. kaisipan
8. tagapagsalita
9. paggalaw